Midori-ku Health Center	715, Aibarago 1-chome, Midori-ku	891-1411	891-5110
Tokushige Health Center	18-41 Tokushige, Narumi-cho, Midori-ku	878-2227	878-3373
Meito-ku Health Center	50, Kamiyashiro 2-chome, Meito-ku	778-3104	773-6212
Tempaku-ku Health Center	201, Shimada 2-chome, Tempaku-ku	807-3900	803-1251

## **1-5 Pag-aalaga ng Bata**

### **1-5-1 Pagbubuntis at Panganganak**

Magpatala sa health center sa inyong distrito sa inyong pagbubuntis. Kayo ay bibigyan ng Maternity Health Booklet (Boshitecho; mayroong Ingles, Intsik, Koreano, Portuges, Espanyol, Tagalog at Vietnamese)) na gagamiting talaan ng Medical Record ng ina at ng bata. Mayroon ding booklet para sa Maternal Health Examination o Infant Health Examination. Ang lahat ng mga public health nurse ay bibisita sa bawat pamilya at tahanan.

Ang Infant Health Examination na isasagawa sa health center ay para sa mga sanggol na 3 buwan, 1 taon at 6 na buwan, 3 taong gulang na bata. Makakatanggap ng notipikasyon ng iskedyul mula sa health center.

Para naman sa mga batang mula edad 0 taong gulang ~ 3<sup>rd</sup> year junior high school, mayroong pinansiyal na tulong para sa gastusing medikal (iryouhi no josei) kung kaya naman itanong ito health at pension division ng ward office o welfare division ng ward branch office sa inyong lugar.

\*3-7-5 Pinansiyal na tulong para sa gastusing medikal (link)

### **1-5-2 Nursery school / Lisensyadong Pasilidad ng alagaan ng mga bata / Maliit na pasilidad na nag-aalaga ng mga bata/ ( Family Childcare facilities) home service (aalagaan ang inyong anak sa inyong sariling bahay), day nurseries.**

Ang mga serbisyong ito ay para sa pamilyang parehong nagtatrabaho ang magulang o pagkakasakit na siyang dahilan upang mangailangan ng child care service sa pagpapalaki ng bata. Ang saklaw ng sistemang ito ay ang mga batang nasa edad 0 taong gulang~ edad bago pumasok sa elementarya. Ang halaga ng babayaran ay batay sa taunang kinikita ng mga magulang. Ang aplikasyon ay isasagawa sa Childrens Division ng ward office, welfare division ng ward branch office sa inyong lugar.

Ang mga serbisyo sa pag-aalaga ng mga bata ay para sa mga pamilyang hindi makapag-alaga sa bahay dahil sa mga kadahilanan kagaya ng pagkakasakit ng tagapag-alaga ng bata, namamasukan, at iba pa. Ang pag-aalaga sa bata ay ibinibigay para sa mga sanggol at mga bata hanggang makapasok sa paaralang elementarya. Ang halaga na kailangan ibayad sa pag-aalaga ng bata ay batay sa kinita ng pamilya ng nakaraang-taon. Ang mga paraan para makapasok ay pinamamahalaan ng Public & Child Welfare Division (Minsei Kodomo ka) ng inyong ward office o Public Welfare Section (Kumin Fukushi ka) ng inyong branch office.

### **1-5-3 Kindergarten**

Ang kindergarten ay para sa mga batang 3 taong gulang hanggang edad bago pumasok sa elementarya. Mayroong public at private kindergarten, pasilidad sa ilalim ng pamamalakad ng lungsod, ordinaryo. Katulad ng private kindergarten, ang application form ay ipinamamahagi sa buwan ng Setyembre, ang tanggapan ay nagsisimula sa buwan ng Oktubre gayundin naman ang resulta ng aplikasyon. Ang mga aplikasyon ay isinasagawa sa mga kindergarten kung saan ninyo nais ipasok ang inyong anak.

Makipag-ugnayan sa kindergarten o sa Education Department para sa mga nagnanais mag-enroll sa public o city kindergarten sa numerong

TEL: 972-3243/ FAX: 972-4177. Direkta namang makipag-ugnayan sa mga private kindergarten kung sa private kindergarten ninyo nais ipasok ang inyong anak.

Para sa pamilyang may mga anak na nasa pang pribado na kindergartens (hindi kasama ang pasilidad na linipat sa bagong systema ng pag suporta sa bata at magulang), ang pinansyal na tulong ay maibibigay batay sa kinikita ng pamilya. Para sa mga katanungan tungkol sa tulong sa matrikula para sa private kindergarten, magtanong lamang sa Educational Affairs Division of the Nagoya City Board of Education (TEL 972-3219 / FAX 972-4175) o sa Kindergarten kung saan pumapasok ang inyong anak.

# 1-6 Edukasyon

## 1-6-1 Sistema ng Edukasyon sa Japan

Binubuo ang kompulsaryong edukasyon ng Hapon ng anim na taon sa mababang paaralan o elementarya mula sa gulang na 6 hanggang 12, at tatlong taon sa gitnang paaralan o “junior high school” mula sa gulang na 12 hanggang 15. Kung nais ipagpatuloy ang pag-aaral sa mataas na paaralan o “senior high school” at sa “junior college” (dalawang taon) o unibersidad (4 na taon), kinakailangan na makapasa sa pagsusuring ibibigay bago makapasok. Ang pasukan ay nagsisimula ng Abril at natatapos ng Marso ng susunod na taon. Mayroong mga paaralang pambansa, pampubliko (pang-distrito at prefectural) at pribado.

## 1-6-2 Mababang Paaralan o “Elementary” at Gitnang Paaralan o “Junior High School”

Ang mga may nais magpapasok ng bata sa pampublikong munisipal na mababang paaralan o “Elementary” at sa gitnang paaralan o “Junior High School” ay dapat tumawag sa Residents’ Affairs Division (Shimin ka) ng inyong ward office o Residents’ Affairs Section (Shimin gakari) ng inyong branch office. Ang mga interesado naman na magpapasok ng bata sa pribadong paaralan sa mababang (“elementary”) o gitnang paaralan (“junior high school”) o kaya’y sa international school, ay dapat makipag-ugnayan nang direkta sa kanilang minimithing paaralan.

Ang pagpasok sa pampublikong munisipal na mababa o gitnang paaralan ay hindi ibinabatay sa kakayahan ng bata na magsalita sa wikang Hapon. Ang pagpili ng eskuwelahan ay ayon sa lugar na tinitirahan ng bata. Ang mga nakatira sa isang munisipal o ibang lugar ay karaniwang hindi maaaring pumasok sa paaralan ng ibang lugar.

Ang pagtuturo sa pampublikong munisipal na mababang paaralan o “Elementary” at gitnang paaralan o “Junior High School” ay nagaganap sa wikang Hapon. Walang bayad ang matrikula sa mga pampublikong paaralang munisipal. Subalit, responsibilidad ng mga magulang o ng nag-aalaga ng bata ang magbayad ng kaunting halaga para sa pagkain ng mga bata, at para sa mga kinakailangan sa pag-aaral. Tumutulong ang lungsod ng Nagoya sa pagpaaral ng mga bata sa mga municipal elementary at junior high school kung ang income ng mga magulang/taga-alaga nito ay may income na hindi hihigit sa nakatakdang halaga. Tumawag lamang sa inyong munisipyo, o kaya’y sa eskuwelahang pinapasukan ng inyong anak, o kaya’y sa Board of Education, Study Section sa bilang na TEL 972-3217 o FAX 972-4175 para sa karagdagang impormasyon.

Ukol sa mga impormasyon tungkol sa mababang paaralan o “Elementary” at gitnang paaralan o “Junior High School”, gamitin ang “Welcome to Nagoya” guidebook para sa mga magulang na dayuhan sa wikang Intsik, Koreano, Portuges, Filipino, at Kastila. Tingnan ninyo ang bawat wika sa Nagoya city website. **Welcome to Nagoya**

## 1-6-3 High School at mga Unibersidad

Ang pag-aaral sa high school ay hindi sapolitan sa bansang Hapon. Ngunit kailangan na ang mag-aaral ay may sapat na kakayahang pang-akademiyang katumbas o higit sa nakapagtapos sa gitnang paaralan. Magtanong sa mga mataas na paaralan tungkol sa iba’t ibang sistema ng pagtulong kaugnay ng gastusing kailangan sa pag-aaral sa mataas na paaralan. Para sa pag-aaral sa unibersidad, ang bawat institusyon ay may magkakaibang kurikulum at mga tuntunin bago makapasok. Mayroon ditong mga pambansa, pampubliko at pribadong paaralan para sa mataas na paaralan at unibersidad.

## 1-7 Tirahan

### 1-7-1 Paraan ng paghahanap ng Tirahan

Ang pangkalahatang paghahanap ng tirahan ay sa pamamagitan ng ahente ng may-ari ng lupa at bahay. Mayroong mga impormasyon tungkol sa tirahan kagaya ng mga pabahay sa pinagtrabahuan o sa mga unibersidad.

Kung mangungupahan ng bahay, kinakailangang pumirma ng kontrata. Kailangan din na mayroong gagarantiya para sa inyo. Halos lahat ng kontrata ay humihingi ng mga paunang bayad o “reikin/key money” at garantiyang deposito “shikikin”. Ang mga ito ay bahagi ng sistema sa pangungupahan sa bansang Hapon.

### 1-7-2 Pampublikong Pabahay

#### ■ Pang munisipal na Pabahay

Ang mga naninirahan o nagtatrabaho na saklaw ng Lungsod ng Nagoya, pag nag-apply at matugunan ang ilang mga kinakailangan gaya ng halaga ng kinita at ang bilang ng mga miyembro ng pamilya, ay maaaring mag-apply para sa pangmunisipal na pabahay. Ang mga aplikasyon na ipinadala sa pamamagitan ng koreo at iba pang paraan ay tinatanggap sa apat na beses sa isang taon. Ipinamamahagi ang mga aplikasyon sa mga itinakdang panahon sa opisina ng inyong ward office o branch office, “Kanri Daiikka Boshugakari of Nagoya City Housing Supply Corporation” (TEL 523-3875) at “Sumai no Madoguchi” sa “Sakae Mori no Chikagai Minami Yonbangai” (TEL 264-4683). Mayroong mga guidance pamphlet sa Wikang Ingles, Intsik, Koreano, Portuges at Kastila.

Ang mga aplikasyon para sa pampublikong pabahay na ipinamamahagi ng “Housing Supply Corporation” ay tatanggapin ng nabanggit sa itaas na “Dainika Kanrigakari” (TEL 523-3879) at sa opisina ng “Sumai no Madoguchi” (TEL 264-4683).

#### ■ Mga Karagdagang Impormasyon ng Pampublikong Pabahay

Ang “Aichi Prefecture Housing Corporation” at ang “Urban Development Corporation at iba pa.” ay nagbibigay din ng mga impormasyon tungkol sa pabahay. Kung nais ninyong makatanggap ng pabahay mula sa mga tanggapan na ito ay may talaan ng mga kakailanganin. Mangyari lamang na makipag-ugnayan sa mga sumusunod na tanggapan para sa mga detalye:

- Aichi Prefecture Housing Corporation (TEL 973-1791, TEL 259-2672)
- Urban Development Corporation (Toshi Saiseikico Chubu Shisha) (TEL 968-3100, TEL 264-4711)

### 1-7-3 “Minkan Chintai” Jutaku o mga pribadong mga apartment

#### ■ Aichi-ken Anshin Chintai Jutaku

Ang Anshin Chiintai Jutaku ay pribadong apartment na nakarehistro sa Aichi Prefecture at maaaring manirahan ng mga dayuhang residente. Ang Housing Consultation Center sa Sumai no Madoguchi na natatagpuan sa Sakae Chikagai (TEL 242-4555) ay nagbibigay ng impormasyon ukol sa apartment, ahensya ng apartment at organizatong nagbibigay ng tulong kaugunay ng paghahanap ng apartment. Puwedeng maghanap ng impormasyong nakarehistro bilang Anshin Chintai Jutaku at iba pa sa website ng Aichi Jutaku Kyokyu Kosha.

<http://www.aichi-kousha.or.jp/anshin/> (wikang Hapones)



## 1-8 Transportasyon

### 1-8-1 Mga Batas ng Trapiko

Sa bansang Hapon, ang mga sasakyan, tulad ng kotse, motorsiklo, at bisikleta ay tumatakbo sa gawing kaliwa ng lansangan, at ang mga pedestrian naman ay nasa gawing kanan ng daanan. Sundin ninyo ang mga regulasyon ng trapiko sa bansang Hapon ng mabuti.

- Prioridad ang pagtawid ng mga pedestrian.
- Huwag kalimutang mag-seatbelt kung sumakay ng kotse.
- Ang mga batang 6 na taong gulang pababa ay kinakailangang isakay sa isang childseat kung sasakay sa isang sasakyan.
- Magsuot ng helmet pag sumakay ng motor.
- Tiyakin ng mga magulang na may suot na helmet ang kanilang mga anak na 13 taong gulang pababa kapag sasakay bisikleta.
- Kung maari lamang ang mga matatanda ay mag suot ng helmet kapag sasakay ng bisikleta.
- Pinagbabawal ang paggamit ng cell phone habang namamaneho ng sasakyan o bisikleta, pati ang pagmamaneho ng mga ito nang nakainom ng alak.
- Lalo na pagmamaneho nang nakainom ng alak ay mahigpit na ipinagbabawal at mapanganib kaya huwag na huwag ninyo ito gawin.
- Sumapi sa seguro ng kotse (car insurance) at seguro ng bisikleta (bicycle insurance) bilang paghahanda sa hindi inaasahang aksidente.
- Mahigpit na pinagbabawal ang pag-angkas sa bisikleta, pagbibisikleta nang magkatapat, at pagbibisikleta nang nakapayong.

### 1-8-2 Mga Bawal sa Pagpaparada ng Bisikleta



Kapag ipaparada ang inyong bisikleta o scooter, mangyaring pumarada sa mga takdang lugar. Ang mga bisikleta o scooter na nakaparada sa mga daanan ay hindi lamang maaaring maging sagabal sa mga taong naglalakad, ngunit maaari pa itong pagmulan ng aksidente at maaaring makasagabal din sa pagkilos ng mga paramediko, bumbero etc. sa isang emergency.

Kung ang bisikleta ay iniwan sa mga lugar na bawal paradahan, gaya ng markang makikita sa gawing kaliwa, ito ay kaagad na kukumpiskahin. Ang mga nakumpiskang bisikleta at scooter ay ilalagay sa lugar na dapat panatilihan o “retention center.”

#### ■Sa pagbawi ng inyong bisikleta o scooter

- Bukas mula Lunes hanggang Sabado, 14:00-19:00
- Sarado sa mga holiday at Pista Opisyal, Disyembre 29~Enero 3 at hindi ninyo maaaring mabawi ang inyong bisikleta o scooter kung may official storm warning (bagyo o malubhang malakas na pagbugso ng hangin) sa inyong lugar.
- Bayad: 1,500 yen/bisikleta at 3,000 yen/scooter
  - Palatandaan: Kinakailangan na dalhin ang inyong susi at ang katibayan na kayo ang may-ari.
- \*Ang mga bisikleta ay hindi maaaring panatilihin ng mahigit sa isang buwan mula sa araw na kinumpiska.

### 1-8-3 Panglungsod na mga Bus at Tren (Subway)

Ang pangunahing sistema ng mga pampublikong transportasyon sa lungsod ay ang mga bus at tren (subway). Ang nakatakdang pamasaha sa panglungsod na bus ay 210yen para sa matanda at 100 yen para sa mga bata. Ang pamasaha sa tren ay 200 yen (isang distrito) hanggang 330 yen (limang distrito) para sa mga matatanda at 100 (isang distrito) -160 (limang distrito) yen para sa bawat bata, depende sa distansiya ng biyahe. Ihulog lamang ang bayad sa kahon ng pamasaha sa harapan ng bus pagkasakay sa panglungsod na bus o bago bumaba mula sa harapan ng bus pagkasakay sa panglungsod na bus o bago bumaba mula sa ruta bilang 2 ng express bus. Bumili ng ticket ng tren

mula sa makina ng mga ticket at paraanin sa “automatic ticket gates” sa may pasukan ng mga nagbibiyaha. Ang ticket ay dapat muling idaan sa “gate” pagdating sa bababaang istasyon.

May diskuwento pag gamitin ang IC card “Manaca”, “one-day ticket” o “Donichi Eco Kippu”. Para sa mga pang-araw-araw na pagbibiyaha sa pagitan ng mga istasyon at hintuan ng bus, magagamit din ang IC card “Manaca” bilang commuter ticket. Pag ginamit ang IC card “Manaca” sa bus, ilagay ang card sa ibabaw ng fare box pagsakay ng bus (pagbaba ng bus sa Kikan No.2). Sa subway, ilagay ang card sa ibabaw ng bawat gate pagpasok at paglabas ng istasyon.

#### **1-8-4 Ang Linyang Aonami**

Ang Linyang Aonami ay nagdurugtong sa mga istasyon: Nagoya Station at Kinjyo Futo station. May 15.2 km itong haba, higit-kumulang na 24 minuto ang kailangan upang malakbay ang buong haba nito. Sa halagang 200 yen hanggang 350 yen na pamasaha may 100 hanggang 180 na diskwento para sa mga maliliit na bata depende sa layo. Katulad ng pangkaraniwang subway ay karaniwang mayroong ticket machine sa harap nito, at pagtapos ng pagbili ng ticket ay kailangan ninyong idaan ang inyong ticket sa mga pasukan papunta sa mga tren, at muling idaan ito dito sa paglabas ninyo sa inyong istasyong paroroonan. Maaari rin ninyong gamitin ang IC card kagaya ng “Manaca” at “Toica”.

#### **1-8-5 Ang Linyang Yutorito**

Ang Yutorito Line ay tumatakbo mula sa istasyon ng Ozone na dumadaan sa Obata Green hanggang sa Nakashidami / Kozoji. Ang presyo ng tiket ay 200-440yen para sa mga matatanda at kalahating presyo naman para sa mga bata. Kasama dito ang guideway bus system, na nag-aalok sa mga pasahero ng mga benepisyo ng parehong riles at mga bus.

Sa mga masikip na mga lungsod, Ang bus ng Yutorito Line ay gumagamit ng sa isang eksklusibo, at nakataas na riles kung saan sila ay ginagabayan sa pamamagitan ng mga aparatong naka-install sa harap at likod na gulong. Sa ibang mga lugar, ang parehong sasakyan ay magpapatuloy sa kahabaan ng pampublikong daan bilang isang bus.

Sa gitna ng pintuan nito ay mayroong ticket machine. Kumuha ng isang ticket sa pagpasok, at bayaran lamang ito sa inyong pagbaba. Kung gagamitin ninyo naman ang “Manaca” o “Toica”, ilagay lamang ito sa ibabaw ng sensor pagsakay ng bus at ilagay uli ito sa ibabaw ng sensor sa tabi ng driver pagbaba ng bus.

#### **1-8-6 Ang Linimo**

Ang linya ng Linimo ay may haba na nasa 8.9 km galing sa istasyon ng Fujigaoka at dadaan sa istasyon ng Ai / chikyuhaku Kinen Koen hanggang sa istasyon ng Yagusa. Ang pamasaha ay nasa 170-370 yen habang ang mga bata ay kalahati ang presyo.

Ang Linimo ang pinakaunang Magnetic Linear Motor car ng bansang Hapon, at sapagkat halos halons walang ingay at walang kalugkog ito, inaasahang maaliwalas ang inyong paglalakbay sa pamamagitan nito. Katulad ng pangkaraniwang subway ay karaniwang mayroong ticket machine sa harap nito, at pagtapos pagbili ng ticket ay kailangan ninyong idaan ang inyong ticket sa mga pasukan papunta sa mga tren, at muling idaan ito dito sa paglabas ninyo sa inyong istasyong paroroonan. Maaari rin ninyong gamitin ang IC card kagaya ng “Manaca” at “Toica”.

Ang mga linyang JR, Meitetsu, Kintetsu atbp. ay nagbibigay ng mura, konbiniyente at siguradong pampublikong transportasyon para sa mga mamamayan. Mangyaring sumangguni sa website ng Nagoya Transportasyon Bureau.

# 1-9 Mga Buwis

## 1-9-1 Mga Buwis ng Hapon

Ang mga buwis ng Hapon ay binubuo ng mga buwis nasyonal na ipinapataw ng pamahalaang nasyonal at lokal na ipinapataw ng pamahalaang prefectural at munisipal. Ang mga buwis ng pamahalaang nasyonal ay sakop ng buwis sa kinita, buwis sa negosyo, buwis sa mga minana, buwis sa mga biniling gamit o “consumption” at iba pa. Ang mga lokal na buwis ay binubuo ng mga buwis prefectural, kagaya ng buwis mula sa biniling bahay sa prefectural, buwis sa sasakyan, at ang pambayang buwis mula sa mga nakonsumo, at ang pangmunisipyong buwis ay ipinapataw sa mga pambayang bahay, buwis sa mga ari-ariang di natitinag, buwis sa mga maliliit na sasakyang de motor, at iba pa.

Tiyakin ang mga impormasyon hinggil sa buwis mula sa Nihon ni Okeru Koujinzeisei no Tebiki ([Personal Tax Guidance in Japan English version](#))

## 1-9-2 Municipal at Prefectural Tax

Ang pambayang buwis, kung saan ang bawâ't isa na naninirahan sa Hapon ay may tungkulin, ay binubuo ng buwis mula sa mga mamamayan o mga taong naninirahan sa munisipal at buwis mula sa mga naninirahan sa prefecture. Ang mga buwis na ito ay mula sa kabuuang halaga na ipinataw mula sa buwis ng bawâ't isa (“per-capita levy”) na alinsunod sa halagang itinakda para sa lahat na nagbabayad ng buwis kahit magkano ang kita, at buwis mula sa kita (“income levy”) na ang kuwenta ay batay sa kinita ng nakaraang taon. Ang dalawang buwis na ito, buwis mula sa mga naninirahan sa munisipal at prefectural o “resident tax”, ay magkasamang ipinapataw at sinisingil.

Para sa mga karagdagang kaalaman, makipag-ugnayan lamang sa inyong Finance Bureau (Zaisei kyoku) sa bilang na TEL 972-2352 o kaya’y sa pinakamalapit na Residents Tax Division ng City Tax Office (Shizei jimusho) sa inyong lugar. (Tingnan ang Listahan ng mga City Tax Office) Para sa mga karagdagang kaalaman, makipag-ugnayan lamang sa ng inyong Finance Bureau (Zaisei kyoku) sa bilang na TEL 972-2352 o kaya’y sa pinakamalapit na Residents Tax Division ng City Tax Office (Shizei jimusho) sa inyong lugar. (Tingnan ang Listahan ng mga City Tax Office)

Para sa mga detalye tungkol sa personal tax tingnan ang booklet na “Jyuminzei no nozei ni tsuite” o [“Payment of Municipal and Prefectural Resident Tax”](#) (mayroong bersyon sa Ingles, Intsik, Koreano, Portuges, at Kastila).

# 1-10 Buhay sa Komunidad

## 1-10-1 Samahan ng Magkakapit-bahay o “Chonai-kai” • “Jichikai”


Ang mga samahan ng magkakapit-bahay ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga naninirahan na magtipon at magtulungan sa bawa’t isa. Ito ay isang malayang samahan at kusang binuo ng mga naninirahang mamamayan. Ang pagsali ay di sapilitan, subali’t maraming pakinabang ang maidudulot kung sasali, kagaya ng mga kaalaman sa pang-araw-araw na pamumuhay at mga kapakanang pambayan o pambayang pagdiriwang na maaaring lahukan. At ang grupo ng inyong mga kaibigan sa komunidad ay tiyak na lalago kung kayo ay makikisali. Kung may komunikasyon ang mga mayayamang nininirahan sa isang lugar na may samahan ng kapit-bahay, pag may sakuna, nagtutulungan ang mga mayayaman at mas mabilis maging maayos ang situwasyon.

Ang mga aktibidad ng samahan, bayad sa pagsali at iba pa ay nagbabago batay sa samahan ng magkakapit-bahay, mangyaring sumangguni sa inyong pambayan na samahan ng magkakapit-bahay para sa mga detalye.

## 1-10-2 Ang Pagpapatupad ng Smoking Ban sa mga Lansangan

May tatlong keyword na pinapalawak ang lungsod ng Nagoya upang gawing maaliwalas ang pamumuhay dito: Ang mga ito ay Anshin (Kaaliwasan), Anzen (Kaligtasan), Kaiteki (Kabutihan). Upang mapatupad ang hangaring ito, ipinagbabawal ang paglalakad habang naninigarilyo, at ang pagtapon ng mga sigarilyo sa mga pampublikong lugar sa loob ng lungsod.

Maliban dito, itinatalaga ang lungsod ng Nagoya na mga no-smoking zone (“Kin-en Road”) ang paligid ng Nagoya station, Sakae, Kanayama, at Hoshigaoka. (Mayroong mapa ng mga no-smoking zone na maaari ninyong makuha upang malaman ninyo kung saan ang mga no-smoking zone na ito. Kung kayo’y mahuhuling naninigarilyo sa mga lugar na ito, maaari kayong multahan ng 2,000 yen.



---

## 2 Sa oras ng Emergency

---

### 2-1 Sunog at biglaang pagkakasakit o aksidente

#### 2-1-1 Sunog

Kung tayo ang agiging dahilan ng sunog, hindi lamang ang sarili kundi maging ang mga kalapit bahay ay mapipinsalpaggamit nito. Kung kaya naman ipinapayo na maging maingat sa paggamit nito. Sa sandaling magkaroon ng sunog,

- ① Tawagin ang pamilya gamit ang malakas na boses para lumikas sila
- ② Kaagad na ipaalam sa mga kapitbahay ang sunog.
- ③ Kung mayroong sunog, tumawag ng bumbero sa pamamagitan ng pagdayal sa telepono ng 119.


Gawin ang mga hakbang na nakasaad sa itaas at tumugon sa sitwasyon ng mahinahon.

#### 2-1-2 Pagkakasakit o aksidente

Kaagad na tumawag ng ambulansiya sa numero ng 119 sa oras ng biglaang pagkakasakit o aksidente. Lalong-lalo na kapag unconscious o walang malay o hindi humihinga ang biktima, biglaang pagsakit ng matindi ng ulo o dibdib, kaagad na tumawag ng ambulansiya.

#### 2-1-3 Ang pagtawag sa 119

Sa pagtawag sa 119, sabihin ang detalye ng pangyayari, lugar, pangalan hangga't maaari sa wikang nihongo. Kung mayroong marunong mag nihongo sa inyong katabi, sila ang inyong ipakausap sa operator.



#### 2-1-4 Pag-iwas sa sunog

1. Upang maiwasan ang sunog, sundin ang nakasulat sa ibaba.
  - a) Tiyakin na hindi maninigarilyo habang nakahiga at huwag maghagis ng upos kung saan saan, siguraduhing wala ng apoy bago itapon sa basurahan.
  - b) Tiyakin na napatay na ang apoy ng kalan bago lumayo rito.
  - c) Ilayo ang stove heater sa mga bagay na maaaring masunog.
  - d) Gamitin ang mga appliances nang wasto at tiyakin na hindi buhol-buhol ang mga kurdon nito.
  - e) Huwag pabayaang maglaro ng posporo at lighter ang mga bata.
  - f) Huwag magtambak ng mga bagay na madaling masunog sa paligid ng inyong bahay upang maiwasan ang pagkakaroon ng pagsisimulan ng apoy.
  - g) Tiyakin na maitatapon ang mga basura sa itinakdang araw nito.
2. Upang maipaalam agad at maiwasan ang pinsala ng sunog, kinakailangan ang fire sensor sa bawat tahanan. (ang mga lugar na kinakailangan kabitan nito ay mga kuwartong tulugan, kusina, hagdan papunta sa mga kuwartong tulugan)
3. Upang maiwasan ang paglaki ng sunog, tiyakin ang mga dapat gawin sa mga nakasaad sa ibaba.
  - a) Gumamit ng pajama o pantulog na may materyales na hindi basta kinakapitan ng apoy.
  - b) Maghanda ng fire extinguisher para sa inyong tahanan.
4. Makipagkilala at makipagkaibigan sa inyong mga kapitbahay upang may mahingian ng tulong o makatulong sa mga hakbangin upang makaiwas sa sunog.

## 2-2 Mga Aksidente sa Trapiko at Krimen

### 2-2-1 Mga Dapat Gawin sa Aksidente sa Trapiko

Sa oras ng aksidente ng trapiko, ang unang dapat gawin ay iparada ang inyong sasakyan at agad-agarang bigyan ng wastong lunas ang mga nasugatan at iwasan ang delikado sa daan. At pagkatapos ay kailangang mag-report sa malapit na police ukol sa kalagayan ng aksidente.

### 2-2-2 Kapag nabiktima ng krimen

Kung sa kasamaang palad kayo’y mabiktima ng isang krimen, kinakailangan ipaalam at magharap ng ulat ng buong pangyayari sa pulisya. Maliban dito, kung may masaksihan kayong krimen o naman ay may matanggap kayong impormasyon tungkol sa isang krimen, ay gawin lamang na ipaalam ito sa pamamagitan ng pagtawag sa bilang na 110 o pagpunta sa pinakamalapit na koban. Hinihiling namin ang pag-unawa at kooperasyon ng bawa’t isa upang madakip ang mga may-sala at mabigyan ng kalutasan ang anumang krimen sa lalong madaling panahon.

### 2-2-3 (Dial 110) Ukol sa Pagtawag ng Pulisya

I-dial ang 110 upang tumawag ng pulis. Ipaliwanag ng maigi ang: nilalaman ng inyong ulat, ang inyong kinaroroonan, at ang inyong pangalan. Kung maaari lamang ay gawin ito sa wikang Hapones. Kung hindi sapat ang inyong kakayahan sa pagsalita sa wikang Hapon, ay gawin lamang na pakiusapan ang pinakamalapit na Hapones sa inyong paligid upang gawin ang ulat na ito.

Mga wastong nilalaman ng inyong ulat

Himpilan ng pulisya (pangalan)	Address	Telepono
Chikusa	8-6, Kakuozan-tori, Chikusa-ku	(052) 753-0110
Higashi	9-23, Tsutsui, 1-chome Higashi-ku	(052) 936-0110
Kita	15-18, Tabata, 2-chome Kita-ku	(052) 981-0110
Nishi	3-25, Tenjinyama-cho, Nishi-ku	(052) 531-0110
Nakamura	17-9, Tsubaki-cho, Nakamura-ku	(052) 452-0110
Naka	23-18, Chiyoda, 2-chome Naka-ku	(052) 241-0110
Showa	5-11, Hiroji-tori, Showa-ku	(052) 852-0110
Mizuho	2-22, Mizuho-tori, Mizuho-ku	(052) 842-0110
Atsuta	1-20, Yokota 1-chome, Atsuta-ku	(052) 671-0110
Nakagawa	11-4, Shinoharabashi-tori, Nakagawa-ku	(052) 354-0110
Minami	2-20, Terabe-dori, Minami-ku	(052) 822-0110
Minato	4-16, Irifune, 2-chome Minato-k	(052) 661-0110
Midori	20, Aoyama 3-chome, Midori-ku	(052) 621-0110
Meito	1009, Itakadai, 2-chome Meito-ku	(052) 778-0110
Tempaku	401, Ueda Minami 1-chome, Tempaku-ku	(052) 802-0110
Moriyama	401, Wakita-cho, Moriyama-ku	(052) 798-0110

## 2-3 Mga Likas na Kalamidad

### 2-3-1 Paghahanda laban sa pagdating ng Sakuna

Sapagkat ang bansang Hapon ay dumadanas ng 4 na panahon (Tag-sibol, Tag-init, Tag-lagas, at Tag-lamig), at may dumarating na mga sakunang tulad ng malakas na pag-buhos ng ulan (at pagbaha), Bagyo, atbp ayon sa panahon nito. Habang sa panahon ng Tag-sibol hangang sa pagdating ng Tag-init ay madaling bumuhos ang malakas na ulan na nagmumula sa dagat, sa paglapit ng Tag-lagas naman nagsisidating ang mga Typhoon o malalaking Bagyo.

Maaaring magdulot ang mga bagyong ito ng mga landslide, pagbabaha, at iba pang sakuna. Maghanda sa pamamagitan ng pag-alam kung saan ang mga mapanganib na lugar, at ang inyong nakatakdang pook-likasan (evacuation center) at iba pa sa inyong lugar. Ugaliin na maging laging handa laban sa pagdating ng sakuna.

Ang bansang Hapon ay kabilang sa mga bansang palagiang dinadatan ng lindol.

Kapag nagkaroon ng malaking lindol, maaaring magdulot ng malaking sakuna sa pamamagitan ng pagpatumba ng mga gusali, pagsanhi ng mga sunog, at iba pa. Upang ma-ibsan ang pahamak na dulot ng lindol, ugaliing maghanda laban sa pagdating nito.

Kasama na rito ang paghahanda laban sa tinatayang pagdating ng isang malaking lindol sa distrito ng Tokai “*Tokai Jishin*”.

Karagdagan dito, maaaring magkaroon ng napakalaking lindol “*Nankai Trough Kyodai Jishin*” dahil sa “*Tokai Jishin*”. Kung nagkaroon ng napakalaking lindol, maaaring magdulot ng malaking sakuna sa iba’t ibang area sa pamamagitan ng pagyanig at tsunami o seismic sea wave.

Para mabawasan ang pinsala kahit konti, naghahanda ang gobyerno para ipaalam sa mamamayan ang mga impormasyon sa pamamagitan ng TV, radio, o iba pang paraan bago mag-lindol o pagka lindol. Kailangan din ninyo kumolekta ng impormasyon at magpasiya kayo sa sarili na lumikas para protektahan ang buhay ninyo at ng inyong pamilya.

#### **Gabay sa paghahanda para sa kapahamakan sa siyudad ng Nagoya** (link)

([http://www.city.nagoya.jp/en/cmsfiles/contents/0000032/32724/disasterand\\_fire\\_prevention\\_guide\\_nagoya\\_city.pdf](http://www.city.nagoya.jp/en/cmsfiles/contents/0000032/32724/disasterand_fire_prevention_guide_nagoya_city.pdf))

NIC Manual na Pag-iwas sa Kalamidad

(<http://www.nic-nagoya.or.jp/japanese/nicnews/archives/2602>)

### 2-3-2 Mga Paghahanda sa Bagyo

Mag-ukol ng mahalagang pansin sa mga palagay tungkol sa panahon ng tag-ulan. Kung may papalapit na bagyo sa inyong lugar, bantayan ang mga ulat sa panahon at mangyaring sundin ang mga sumusunod na paghahanda:

- (1) Sa oras ng pagkawala ng koryente, maghanda ng flashlight, portable radio at bagong battery para dito.
- (2) Mag-ukol ng pansin sa mga palagay tungkol sa panahon sa pamamagitan ng radyo at TV.
- (3) Patibayin ang mga bintana at siguraduhin na sarado ang tabing ng mga bintana.
- (4) Itabi ang mga bagay na madadala ng malakas na hangin kagaya ng mga halaman sa paso o ang sampayan ng mga damit o itali ang mga ito nang matibay o mahigpit.
- (5) Huwag lumabas kung hindi kinakailangan.
- (6) Sa mga lugar na madaling bumaha, ilagay ang mga kagamitang bahay sa mataas na puwesto.
- (7) Maghanda ng mga pagkain, inuming tubig, kagamitan o panustos sa paggagamot at iba pa
- (8) Ihanda ng mga pagkain at mahahalagang bagay at iba pa para sa mabilis na paglisan.
- (9) Sa mga delikadong lugar na maaaring magkaroon ng baha, maghanda nang mabilis na paglikasan sa anumang oras.(tingnan ninyo ang hazard map ng pagbaha)
- (10) Alamin ng maaga ang lokasyon ng mga itinatag na Emergency evacuation place at Evacuation shelter na nasa official website ng Nagoya city o sa ward office.

### 2-3-3 Mga Kahandaan kung may Lindol

Mahirap hulaan ang pagdating ng lindol. Samakatuwid, mahalaga na ipagpatuloy natin ang mga nararapat na paghahanda at ang dapat gawin sa oras ng kagipitan. Mangyaring sundin ang mga sumusunod na pang-araw-araw na pag-iingat:

- (1) Para makapag-ugnayan at maka-iwan ng mensahe para sa pamilya tumawag lamang sa bilang 171 at mga service ng message board para sa oras ng sakuna. Pag-usapan ito ng pamilya.
- (2) Patibayin ang mga kasangkapan sa bahay para hindi ito matumba o malaglag sa oras ng Lindol.

- (3) Maghanda ang flashlight, radyo, pagkain, inuming tubig at ilagay ang mga ito kasama ng inyong mga “valuables” (tulad ng wallet, pera, atbp.) sa isang bag.
- (4) Suriin ang tibay ng kinatatayuan ng iyong bahay o gusali.
- (5) Huwag maglagay ng mga bagay na madaling sumiklab sa tabi ng kalan at iba pa.
- (6) Maghanda ng pamatay ng apoy o mga balde ng tubig bilang paghahanda kung sakaling magkakaroon ng sunog.
- (7) Suriin ang itinatag na Emergency evacuation place at Evacuation shelter at mga daanan sa paglikas.
- (8) Kapag narinig ang opisyal na babala tungkol sa lindol o Earthquake Warning, may mga anunsyong maririnig para sa mga taong nakatira sa mga itinalagang lugar na hindi ligtas (lugar na maaaring magkaroon ng TSUNAMI o malaking alon o magkaroon ng landslide). Alamin sa inyong lokal na ward office kung ang inyong tirahan ay itinalagang lugar na hindi ligtas.
- (9) Kung maaari, sumali sa mga aktibidad ng iba’t-ibang volunteer groups sa paghahanda sa panahon ng kalamidad.

### 2-3-4 Kung Sakaling may Lindol

Kahit na anong hinahon sa pang-araw-araw na buhay, maaaring mataranta sa oras ng mga kagipitan. Para maging mahinahon, ang mga sumusunod ay dapat pag-aralan upang maging bahagi ng inyong ugali o asal:

- (1) Pag lumindol ng napakalakas at hindi kayo makagalaw, huwag muna kayo kumilos, umupo lamang at iligtas ang ulo ninyo.
- (2) Pag kaya ninyong kumilos, pangalagaan ang inyong ulo sa pamamagitan ng pagsuot ng helmet o malambot at makapal na panapin, at magtago sa kuwarta na pinatibay ang mga gamit para hindi tumumba o sa ilalim ng matibay na bagay kagaya ng mesa.
- (3) Buksan ang pintuan para siguradong makalabas.
- (4) Isara ang gas at patayin ang apoy pag tapos ng paglindol .
- (5) Mag-ingat sa bumabagsak na mga kristal sa loob ng bahay.
- (6) Kung lalabas ng bahay, maging mahinahon.
- (7) Maghanda ng mga daanan sa paglikas, at lumikas patungo sa pinakaligtas na daanan.
- (8) Magtamo ng wastong kaalaman sa pamamagitan ng radyo at TV.
- (9) Mag-ingat sa mga guho na galing sa mataas na lugar o bundok at laki ng tubig sa dagat dulot ng tsunami.

### 2-3-5 Ukol sa itinatag na Emergency evacuation place at Evacuation shelter


Ang lungsod ng Nagoya ay mayroong itinatag na pook-likasan “*Emergency evacuation place*” upang maprotektahan ang sariling buhay, ito ang magiging takbuhan mula sa mapanganib na kalamidad. Ang pasilidad na “*Evacuation shelter*” ay ginagamit bilang malawakang likasan sa panahong hindi makauwi dahil nasunungan ng bahay, dito pansamantalang mamumuhay habang inoobserbahan pa ang kalagayan ng pinangyarihan. Itinatag ang Emergency evacuation place para sa bawa’t kalamidad, maaring lumikas sa (=Tsunami shelter building) sa panahong magkaroon ng tsunami, pag-baha/pag-apaw ng tubig. Mangyaring tignan ang bawa’t pook-likasan Emergency evacuation place at Evacuation shelter na nakapahayag sa “*Nagoya shelter guide*”. Mangyaring unang tandaan ang mga daanan sa paglikas at suriin ang mga delikadong lugar bago lumikas.



Higit na kailangan na alamin ng mas maaga ang tungkol sa maaring magbigay panganib at pinsala sa paligid ng bahay ayon sa mga nakasaad sa “*Earthquake Hazard Map* ng inyong pook” at sa “*Flooding Hazard Map ng inyong pook*” at “*Hazard map sa pagbaha / Hazard Map sa pag-apaw ng tubig ng inyong pook*”. Para sa karagdagang detalye, tingnan ninyo ang official website ng Nagoya City o sumangguni sa inyong lokal na ward office o sa Nagoya International Center.



## Ang Pagkakasunud-sunod na Gagawin sa Paglikas



### 2-3-6 Alamin ang mga dapat gawin sa Paglikas

Ang paghahanda sa paglikas ay napakahalaga. Mangyaring lumikas sa ligtas na lugar ayon sa tuntunin ng inyong ward office, ng pulisya, ng kagawaran ng bumbero, mga boluntaryong kapisanan laban sa kalamidad, o kung nasa panganib ng laki ng tubig sa dagat dulot ng pag-baha, tsunami, mga landslide, mga nangibang bahay o sa papalaganap na sunog.

- (1) Bago lumikas, siguraduhin na wala ng mga apoy o sunog. Isarado ang mga gas breaker ng koryente.
- (2) Huwag kalimutan na mag-iwan ng mensahe sa bahay ng inyong kinaroroonan, kung saan hahanapin o matatawagan, ang katayuan ng kalusugan o katawan bago lumisan.
- (3) Magsuot ng maginhawang damit, at huwag kalimutan na pangalagaan ang inyong ulo kung maganap ang lindol.
- (4) Lumikas na dala ang mga bagay para sa oras ng kagipitan sa inyong bag na nasa likod na meron pagkain at importanteng gamit para sa loob ng tatlong araw.

- (5) Maglakad sa paglikas, huwag gumamit ng sasakyan.
- (6) Hawakan ng mahigpit ang kamay ng matatanda at mga bata.
- (7) Pag-planuhan at pag-desisyunan ninyong mag pamilya ang ukol sa paglulugaran sa itinatag na Emergency evacuation place at Evacuation shelter.
- (8) Kung pupunta sa Emergency evacuation place at Evacuation shelter ay iwasan ang mga makikitid na kalye at huwag lumakad malapit sa baybay ng mga ilog.
- (9) Sa oras na makaramdam ng lindol, kahit hindi matiyak sa pagtingin kung may tsunami, lumayo kaagad sa baybay! (Sa ipinapalagay na tsunami sa lungsod na ito, walang puting bula kundi aangat ang ibabaw ng dagat.)
- (10) Kahit na tsunami advisory pa lamang ang ipinatatalastas, humiwalay sa mga lugar na malapit sa dagat.
- (11) Maaaring paulit-ulit ang pagsugod ng isang Tsunami. Pakiramdaman ang lagay mga bagay at maghintay sa isang ligtas na lugar hanggang matanggal ng mga kinauukulang awtoridad ang Tsunami warning o advisory.

### **2-3-7 Paggamit ng Telepono sakaling may dumating na kalamidad**

Maaaring maputol, magkagulo at mawala ang mga linya ng komunikasyon nang ilang araw sa pagdating ng isang malaking kalamidad katulad ng sunog na dulot ng isang lindol.

Inaatasang magiging importante ang mga linya ng komunikasyon na ito sa Pagsagip at iba pang “Rescue Work” na maaaring isagawa sa paglipas ng sakuna. Alamin at paghandaan ang posibilidad na maiwasan ang pag gamit ng inyong telepono para sa mga hindi kailangan o hindi masyadong importanteng tawag o kaya naman ang pag dial ng pauli ulit. Kung hindi ninyo ma-contact ang mga na-declare na calamity zone, ay tumawag sa Emergency Number 171 (telephone service), Disaster Emergency Message Board (web171), etc.,.

### **2-3-8 Ang Emergency Number 171 (phone service), Disaster Emergency Message Board (web171)**

#### ① Emergency Number 171 (telephone service)

Sa pagdating ng isang malaking lindol o iba pang kalamidad, maaaring mahirapan makipag-alaman sa kani-kanilang mga kamag-anak o kaibigan, ang mga taong nasa lugar na tinamaan ng kalamidad, at maaaring manatili ang pagkagulo ng mga linya ng komunikasyon papunta at palabas ng lugar na nasakuna nang ilang araw. Upang makasiguradong may paraan upang mapaalam sa mga nag-aalalang mga kamag-anak, kaalam atbp. ang kalagayan ng kanilang kalagayan (kaligtasan), itinalaga ang emergency number 171. Maaari kayong mag-iwan ng mensahe sa Dial Center sa pamamagitan ng nasabing numero at sa gayong paraan makipag-alaman sa inyong mga kamag-anak o kaibigan kung kayo’y nasa isang calamity zone.

Ukol sa impormasyon ukol sa Emergency Dial 171 sa wikang Ingles, bumisita lamang sa (<http://www.ntt-west.co.jp/dengon/english/>)

Para sa mga detalye ay tumawag sa 116 o kaya’y makipag-ugnayan sa NTT sa pamamagitan ng [saitai\\_support@west.ntt.co.jp](mailto:saitai_support@west.ntt.co.jp) (email).

#### **■ Paraan ng Paggamit ng Emergency Dial 171**

Mga Teleponong maaaring gamitin: Mga linya ng telepono ng NTT WEST at NTT EAST (touch-tone at pulse dial), ISDN, pang publikong telepono, at Hikari Denwa (optical IP na serbisyo ng telepono) at mga espesyal na pampublikong telepono na naka-install sa pamamagitan ng NTT West at NTT East sa pang likas na pasilidad at iba pang mga lokasyon sa kaganapan ng isang kalamidad. Gayunman, ito ang mga hindi posible na gamitin ISDN o Hikari Denwa (phone service) na may isang pulse dial phone.

Maaaring gamitin ang cellphone, PHS, telepono sa ibang kompanya bukod sa NTT West at East. Makipag-ugnayan lamang sa kumpanya ng telepono n'yo kung alin ang mga maaaring gamitin at kung may kaukulang bayad ang mga ito.

#### **Bayad**

Libre ang pag-record at pakikinig sa mga mensahe gamit ang NTT WEST o NTT EAST. Kung nais gumamit ng ibang kumpanya ng telepono, makipag-ugnayan lamang sa mga tanggapan nila.

#### **Simula ng Operasyon**

Sa pagdating ng isang lindol na may-lakas 6 o higit pa at magkagulo ang mga linya ng komunikasyon dahil

dumami ang pagtawag sa pook na dinalaw ng kalamidad. Ang kondisyon ng pagbibigay ng service na ito ay ipinapasiya ng NTT WEST at NTT EAST at alamin sa pamamagitan ng TV, Radyo, at Internet.

### **Haba ng isang mensaheng puwedeng iiwan**

Ang isang mensahe ay hindi hihigit sa 30 segundo.

### **Tagal ng pagtabi ng iniwang mensahe**

Hanggang matapos ang mga araw na maaaring gamitin

### **Dami ng Mensaheng maaaring iwan**

Para sa isang TEL No. 1-20 mensahe. (Makinig sa payo ng Guidance na maririnig sa linya)

※Depende sa situwasyon ng kalamidad ang karami ng mensaheng maiwanan at gaano katagal ang pag-iwan ng mensahe.

### **Pag gumamit ng service na ito**

• Para makatipid sa enerhiya para sa pag sagot sa inyong mga susunod na tawag, pumili muna kung sino sa mga miyembro ng pamilya, kamag-anak, at mga kakilala na kabilang sa mga apektadong lugar ang kokontakin. Tawagan sila sa numero ng telepono nila sa bahay o cellphone

• Sabihin ninyo ang kinakailangang impormasyon habang nakakapag-record ng mmensahe.

#### ②Disaster Emergency Message Board Web171

Maliban sa mga Disaster Emergency Message Dial 171 (serbisyo sa telepono) para sa mga mensaheng boses, nagbibigay din ang NTT WEST ng isang serbisyo na nagbibigay-daan sa pag-record at pagtingin sa mga mensahe (text) na tinatawag na Disaster Emergency Message Board (Web171).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Ingles na bersyon ng Disaster Emergency Message Board (Web171) paki tignan ang: <http://www.ntt-west.co.jp/dengon/web171/english/>

Maaari mo ring i-download ang iba pang direksiyon (sa Ingles, Instik at Korean) mula sa link sa itaas.

#### ■ Simula ng pag gamit

Kapag ang isang lindol o iba pang kalamidad ay nangyari, ang pagiging available ng serbisyo ay inihahayag sa pamamagitan ng TV, radyo, ang NTT WEST website at iba pang media.

Pumunta sa <https://www.web171.jp/> at sundin ang mga direksiyon na nakasaad sa screen.

#### ■ Mga wikang suportado

○ Suportadong wika

Hapon, Ingles, Intsik, Korean

\*Ang mobile website ay magagamit sa wikang Hapon at Ingles lamang.

#### ■ Singil

Ang pag tago at pagtingin sa mga mensahe ay walang bayad. Maaaring malapat ang ilang mga hiwalay na mga singil para sa pag gamit ng data o bilang bayad sa internet connection, at mga bayarin sa dial-up na koneksyon.

③Sa paniniyak ng kaligtasan ng mga pamilyang naninirahan sa pook na dinalaw ng kalamidad ng mga kaaalam nito.

Sa pagpapaalam ng isang pamilyang naninirahan sa pook na dinalaw ng kalamidad ng kaligtasan nito sa mga kaaalam nito.

Sa paniniyak ng kaligtasan ng ibang mga kasapi ng pamilya ng isang taong nasa pook na dinalaw ng kalamidad , Sa pakikipag-alaman sa mga ito.

Sa paniniyak ng kaligtasan ng ibang mga kasapi ng pamilya na kasama niyang nasa pook na dinalaw ng kalamidad , Sa pakikipag-alaman sa mga ito.

#### ④Ukol sa Pagsali sa Pag-eksperyensa

##### ◇Araw ng Pagsali sa Pag-eksperyensa

- Bawa't buwan o di kaya ay tuwing ika-15 ng buwan 00:00 ~ 24:00
- ika-1 ng Enero Unang 3 araw ng bagong taon (ika-1 ng Enero 00:00 ~ ika-3 ng Enero 24:00)
- Linggo ng Paghahanda sa Disaster (ika-30 ng Agosto 09:00 ~ ika-5 ng Septyembre 17:00)
- • Linggo ng Disaster at Pagboboluntaryo (ika-15 ng Enero 09:00 ~ ika-21 ng Enero 17:00)

##### ◇Panahon ng Pag-rekord ng Mensahe:

- Ang panahon ng pag-rekord ng mensahe ay sa panahon ng pag-eksperyensa lamang.

◇Ang Charge o Babayaran sa Pagsali:

- Ang Disaster (o kalamidad) Message Dial no. (711)

Libre ang charge para sa paggamit ng Center sa pag-iipon ng mga mensahe, at iba pa. Libre ang charge sa tawag sa kaso ng recording ng

mensahe ng tawag mula sa tawag ng NTT Higashi Nihon o di kaya, sa NTT Nishi Nihon at sa replay o pag-ulit ng pakikinig ng tawag sa

telepono. Tumawag po kayo sa bawa't kumpanya na nagpapadala ng impormasyon ukol sa charge sa tawag kapag magpapadala ng

impormasyon mula sa tawag ng ibang kumpanya ng komunikasyon.

## **2-3-9 Sentro ng Pag-iwas sa Sakuna sa Minato**

Sa lungsod na ito, may “Nagoya Municipal Minato Disaster Prevention Center” kung saan maaaring maranasan sa earthquake simulator ang intensity 7 na lindol na tunay na nangyari, at maaaring malaman ang kalagayan ng paglapit ng bagyo sa Ise Bay sa pamamagitan ng video, pagtatanghal ng tunog, ilaw at iba pa.

Para sa mga karagdagaang impormasyon, magtanong sa “Nagoya Municipal Minato Disaster Prevention Center”.

Kinaroroonan: 12-20, 1-chome, Koumei, Minato-ku, Nagoya (TEL 651-1100, FAX 651-6220)

## **2-4 Kokumin Hogo: Proteksyon para sa mga mamamayan**

### **2-4-1 Ang Kokumin Hogo**

Minimithi ng proyektong “Kokumin Hogo” na magsasaad ng mga panukala ukol sa kung ano ang dapat gawin ng bawat isa upang maipagtaggol ang sarili kung sakaling may mangyaring di pangkaraniwan, tulad ng isang terror attack, o isang military attack, sa loob ng bansang Hapon. Makikipagtulungan ang bansa, ang bawat mga pampublikong institusyon, at iba pang mga ahensya upang makalisan at ma-rescue ang mga buhay, at kayamanan ng bawat isa.

### **2-4-2 Sa pagkapatalastas ng babala o notice para sa pag-lisan**

(1) Kung sakaling ang babala ay inihatid sa pamamagitan ng tunog ng sirena, at iba pa

Buksan agad ang inyong mga TV at radio upang makakuha ng impormasyon sa nagyayari.

(2) Kung sakaling ang babala ay inihatid sa pamamagitan ng patalastas na impormasyon ukol sa paglisan

① Kung kailangang lumisan sa loob ng bahay/ gusali

a) Kung nasa loob ng bahay kayo, agad-agarang isara ang pintuan, at huwag kayong lumabas hanggat makatanggap kayo ng panukala rito.

b) Kung nasa labas kayo ng bahay, lumikas sa pinaka malapit na matibay na gusali o underground arcade.

② Kung pupunta sa mga pook-likasan sa loob ng siyudad

Pumunta sa mga evacuation center ayon sa mga patakaran na itinalaga ng Lungsod ng Nagoya.

③ Kung pupunta sa mga pook-likasan sa labas ng Nagoya

Pumunta sa mga evacuation center gamit ang train o bus ayon sa patakaran ng Lungsod ng Nagoya.

④ Ukol sa paggamit ng kotse

Huwag po ninyong gamitin ang inyong mga sasakyan. Gamitin ang mga tren, bus, atbp. mga pampublikong sasakyan. Lumisan sa mga evacuation center ayon sa mga patakaran na itinalaga ng Lungsod ng Nagoya.

### **2-4-3 Ukol sa paghahanda**

(1) Mga bagay na pangkaraniwang dapat ihanda: (Pagkain, Tubig, mga alahas at iba pang valuables, radio, flash light atbp.)

(2) Pag-desisyonan ninyong mag-anak kung papaano kayong makiki-pagkontak sa isa't-isa kung sakali man mangyaring isang malaking sakuna, atbp.

## **3-1 Mga Paraan ng Pagpaparehistro Bilang Residente at iba pa**

### **3-1-1 Paglipat**

Pag lumipat kayo ng bahay, kailangang magsumite ng “Tenshutsu Todoke” o Notification ng paglipat ng tirahan sa ibang lugar (hindi na kailangang magsumite ng “Tenshutsu Todoke” o Notification ng paglipat ng tirahan kung kayo ay lilipat sa loob ng siyudad ng Nagoya) sa Resident’s Affairs Division (Shimin ka) ng ward office o Community & Residents’ Affairs Division (kumin seikatsu-ka) ng branch sa tirahan ninyo dati, tapos magsumite ng notification na paglipat ng tirahan sa bagong lugar (Ten-nyu todoke) sa Resident’s Affairs Division (Shimin ka) ng ward office o Community & Residents’ Affairs Division (kumin seikatsu-ka) ng branch sa bago ninyong tirahan sa loob ng 14 araw. Kung lumipat kayo sa loob ng Nagoya city, hindi kailangan ng Tenshutsu todoke. Pag nagsumite kayo ng Ten-nyu todoke, dalhin ninyo ang ~~alien registration card~~, resident card, card para sa special permanent resident, o Personal Number Notification o Card, ng lahat na membro na lumipat, .

Notification Card / Individual Number Card

Kapag nagpatala kayo ng tirahan sa Japan, may pinapadala ng Notification Card sa pamamagitan ng registered mail. Ang Notification Card ay may Individual Number kaya kailangan itong itago nang mabuti. Kapag nawala ang Notification Card, mangyaring makipag-ugnayan sa Resident’s Affairs Division (Shimin ka) ng ward office o Community & Residents’ Affairs Division (kumin seikatsu-ka) ng branch.

Kapag nag-request, magbibigay rin ng Individual Number Card (may litrato). Tandaan po lamang na magagamit lamang ang Individual Number Card singtagal ng panahon ng pamamalagi dito.

### **3-1-2 Pag-apply ng Card para sa mga Special Permanent Resident**

Sa pangkalahatan, kung ikaw ay may status na special permanent residence kailangan mong mailipat ang iyong Alien Registration Certificate sa isang Special Permanent Resident Certificate sa Resident’s Affairs Division ng inyong lokal na ward office o branch office bago ang inyong ikapitong kaarawan kasunod ang pagtanggap ng pagkumpirma ng iyong nakaraang Alien Registration Certificate.

